**FILIPINO**

---

**ISANG YUGTONG DULA**

# TERMINAL

# TERMINAL

Isang Yugtong Dula

**Tauhan**

| | |
|---|---|
| PULUBI | babae; bulag sa simula; naka-shades; hindi tiyak ang edad |
| BATA | babae; 99 taong gulang |
| MATANDA | Antonio ang ngalan; 1,299 taong gulang |
| IKAKASAL | babae |

**Panahon at Tagpuan**

Isang napakalayong hinaharap. Terminal ng tren.

**Ang Entablado**

Ang buong entablado ay isang kinakalawang na terminal.

**Ilang Bagay**

Una, ang mga gaganap sa dula ay dapat hindi nagkakalayo ang mga edad—mainam na nasa edad 30-35 ang mga gaganap.

Ikalawa, isang upuan mula sa manonood ang pananatilihing bakante sa daloy ng dula. Dito uupo ang MATANDA sa bandang dulo ng dula. Mainam kung nasa bandang unahan lamang ito.

*Tunog ng hangin. Pagliwanag ng tanghalan, makikita ang isang kinakalawang na terminal—ang pinakaterminal sa lahat ng mga terminal sa mundo. Ilang basurang papel ang hahanginin. Papasok ang PULUBI, hila-hila ang isang kariton na maliit. Iniinda ang hangin.*

PULUBI (*Anyong nahihirapan.*) Makisama ka naman!

*Ilang saglit at unti-unting hihinahon ang hangin.*

PULUBI Salamat!

*Tutungo sa isang bahaging off-center ng terminal. Uupo. Aayusin ang sarili. Ilalabas ang isang manika mula sa kariton. Aayusin ang buhok ng manika. Iaayos din ang upo ng manika. Kakapain ng mga palad ang mukha ng manika.*

PULUBI (*Sa manika.*) Nagugutom ka na ba? Huwag kang mag-alala, maya-maya lang ay darating na naman ang tren. Marami na namang tao ang magdaratingan sa terminal na ito. Manghihingi tayo sa mga tao ng kung anong maaari nilang iwan para sa atin. Hindi tayo tatanggi. Hindi rin naman sila tatanggi kung tayo ang manghihingi nang kaunti. Aalis na rin naman sila upang hindi na muling bumalik. Iiwan nila ang lahat ng ari-arian nila at sasakay sila ng tren para ihatid sa kanilang huling hantungan.

(*Saglit.*) Marami ring lumilisan sa terminal na ito. Hindi natutuloy ang pagsakay sa tren. ‘Yung mga taong kapag nakita ang tren ay magdadalawang isip. Lalo kapag sinabi ko

sa kanilang nagdadalawang isip sila at hindi sila tiyak na sasakay. Matapos ang isandaang taon, babalik sila ngunit maduduwag lang muli kapag narinig na nilang paparating na ang tren. Kailangan ulit nilang maghintay ng isandaang taon bago bumalik sa terminal.

(*Tatayo upang libutin ang terminal. Buntong hininga.*) Ang terminal na ito. Alam mo bang ganito na ito simula't simula pa lang? Isa sa pinakalumang terminal na itinayo ng matandang sibilisasyon ng tao. Buhay na buhay ang terminal na ito noon. Ilang ulit din akong nakasakay sa tren na dumaraan dito noon. Hindi ko na maalala kung kailan ang noon na aking sinasabi. (*Mangingiti.*) Basta noon, bago pa man ito gawing terminal para maging huling hintayan ng mga taong napagod na sa buhay. (*Saglit.*) Naikuwento ko na tiyak sa iyo nang ilang ulit... hindi ka pa nagagawa, matagal nang naimbento ang isang serum na kayang magdagdag ng isandaang taon sa buhay ng tao. At kada isandaang taon, maaari ka muling magpaturok nang magpaturok at magpaturok ng serum upang madagdagan nang madagdagan ng isandaan at isandaan ang 'yong buhay—hangga't gusto mo. Hangga't hindi ka pa napapagod sa buhay.

(*Saglit.*) Pero ang manikang katulad mo, siyempre, hindi kailangan ng serum. Hindi ka naman mabubuhay matapos turukan. (*Mangingiti. Saglit.*) Kapag umabot ka na sa gulang na siyamnapu't siyam, kailangan mong pumili: ang tumungo sa terminal na ito at sumakay sa tren na maghahatid sa iyong huling hantungan? O ang muling magpaturok ng serum. Madalas ang magpaturok ang pinipili nila. Pwede rin naman kasi silang magpasagasa na lang o maggilit ng leeg kapag gusto na nilang magpahinga nang tuluyan. Ang problema sa ganito, nalalaman kaagad ng mga nasa batas ang ginawa

nila, bubuhayin sila. Tapos, makukulong sila dahil sa ginawang pamamahinga sa hindi tamang paraan. Pag-e-eksperimentuhan.

(*Saglit.*) Nakakapagtaka... nakapagtataka kasi nitong mga huling panahon, parami nang parami ang mga sumasakay. Noong simula, halos wala. (*Matatawa.*) Ngayon, ang dami-dami na nila. Pero... pero marami pa rin sa kanila, hindi sumasakay. Sa tinagal-tagal ko rito, sa dami ng mga nakausap ko na, kapag sinasabi ko sa kanilang nalalapit na ang sandali ng pagdating ng tren, natutulala sila. Tapos, lilisan na sila. 'Yun bang parang nagsasalita nang nagsasalita ang isip nila pero hindi talaga sila nagsasalita. Wala silang binibigkas pero naririnig ko ang lahat ng kanilang iniisip; pinipilit nilang kumbinsihin ang sarili nilang tama ang ginawa nilang paglisan, muling pagpapaturok.

Ba't ko alam ang lahat ng ito? (*Matatawa.*) Hindi ko sasabihin—

(*May maaaninag ang pandinig na paparating.*) 'Yan! 'Yan! May dumarating! Maaari tayong humingi sa kanya!

*Papasok ang BATA. Nakapasok sa kanyang bulsa ang isang kamay.*

PULUBI Palimos po... Palimos po para sa sikmura ng isang bulag at pulubing katulad ko.

*Hindi papansinin ng BATA ang PULUBI. Ilalabas ng BATA ang kanyang kamay at may pipindutin sa kanyang palad. Ilalagay sa bandang tenga ang kamay. Saglit.*

BATA Yumadapakashit! [youmotherfuckershit] (*Ibababa ang kamay. Nanggagalaiti sa galit. Susuntuk-suntukin ang palad.*) Madapaka! Madapaka!

PULUBI Ano'ng kuwento mo?

BATA (*Saglit. Hihinahon.*) Ano 'yon?

PULUBI Ano'ng kuwento mo? Bakit ka naririto? Alam mo ba kung para saan ang terminal na ito? Buo na ba ang loob mo sa iyong gagawin? Maraming umaatras kapag sinasabi kong paparating na ang tren. Sasakay ka ba talaga?

BATA Sandali lang, ha. Sino ka ba? Una, hindi kita kilala. Ikalawa, hindi kita kilala; at Ikatlo, hindi ka pa nga nagpapakilala—

PULUBI Hindi ko kailangang magpakilala. Ikaw ang nagpunta rito.

BATA Ikaw ang unang nagtanong.

PULUBI Ako nga. Ibig sabihin, sagutin mo muna ang mga tanong. Ako ang nauna—

BATA Paano kung hindi ko sagutin...

PULUBI Ikaw ang bahala.

*Saglit. Hindi mag-iimikan ang dalawa.*

PULUBI Bakit sa bahaging ito ng terminal mo piniling maghintay?

BATA (*Matatagalan bago sumagot.*) Maraming tao sa banda roon. Ang daming nagsasalita. Mabuti rito, halos walang naghihintay. Sasakay ka rin ba?

PULUBI Narito na ako sa simula't simula pa lang.

BATA Ano’ng ibig mong sabihin.

PULUBI Narito na ako sa simula’t simula pa lang.

BATA Hindi kayo umaalis?

PULUBI Hindi.

BATA Kahit kailan?

PULUBI Hindi.

BATA Kaya pala mapanghi.

PULUBI Nagiging teritoryo ng isang tao ang kanyang paligid kapag inihian na niya ang isang lugar.

BATA Ibig mong sabihin, bawal na maghintay sa bahaging ito ng terminal dahil ‘teritoryo’ mo na ito?

PULUBI Nasa sa iyo kung pipiliin mong dito na lamang maghintay.

BATA (*Saglit.*) Sumasagot na ako sa mga tanong. Maaari mo na bang sabihin ang pangalan mo?

PULUBI Ano ba’ng halaga ng pangalan? Hindi mo kailangang malaman ang aking pangalan. Makakalimutan mo rin naman kaagad ito. Sa mismong saglit na banggitin ko ang aking pangalan ay makakalimutan mo rin kaagad ito. At matapos ang ilang pangungusap ay tiyak kong itatanong mo ulit ang aking pangalan.

BATA (*Pagmamasdan ang anyo ng PULUBI. Anyong naantig sa PULUBI.*) Ngayon lang ako nakarinig ng mga salitang ganyan.

PULUBI Marami pa akong pwedeng sabihin. Maraming nagsasabi sa akin ng ganyang salita. Pang-800,000,001 ka sa mga nagsabi na n'yan kung hindi ako nagkakamali.

BATA Baka naman parepareho rin naman kasi ang sinasabi mo?

PULUBI Maaari kong ibahin para sa iyo—

BATA Paano ko malalaman na iba na pala ang sinasabi mo sa akin kaysa doon sa huli mong nakausap?

PULUBI Hindi mo malalaman.

BATA Ano pang silbi?

PULUBI Wala.

BATA Wala naman pala. Wala na rin silbi ang pag-uusap na 'to.

PULUBI Meron.

BATA Ano?

PULUBI Palipas ng mga sandali habang naghihintay. Mayroon ka pa bang ibang inaasahang dahilan. Walang dahilan. At ang lahat ay sapat na dahilan para mag-usap. (*Saglit.*) Ngayon lang kinuwestyon ang pag-uulit-ulit ng aking mga sinasabi. At sasabihin ko sa iyo, ngayon ko pa lang sinasabi ang mga salitang ito para sa isang tao.

BATA Paano ko malalaman na ganoon nga?

PULUBI Hindi ako nagsisinungaling.

BATA Ako, sinungaling ako. Marami akong kasinungalingan sa mundo kaya pinili ko na lang sumakay at hindi na magpaturok. Kung hindi man ako nagsasabi ng totoo, wala talaga akong sasabihin. Kaya kung tatanungin mo ulit ang mga tanong mo kanina—

PULUBI Ano'ng kuwento mo? Bakit ka naririto? Alam mo ba kung para saan ang terminal na ito? Buo na ba ang loob mo sa gagawin mo? Sasakay ka ba talaga?

BATA Wala kang pruweba kung nagsasabi na nga ako ng totoo o hindi.

PULUBI Alam mo, Kaibigan, wala akong pakialam. (*Saglit.*) Maaari kang mag-imbento nang mag-imbento ng kung ano-anong kuwento. Nasa sa iyo 'yan. Kalayaan mo 'yan. Tatanggapin ko ang lahat ng sagot mo bilang katotohanan. (*Saglit.*) Pwede tayong magsimula ulit.

BATA Marami na tayong napag-usapan.

PULUBI Wala pa tayong napag-uusapan. Marami na tayong napag-usapan pero wala pa tayong nasisimulan. Wala ka pang isinasagot sa aking mga naitanong.

BATA (*Saglit.*) Sa mga tanong mo... Wala sa mga tanong mo ang pangalan ko. Hindi mo man lang ba tatanungin—?

PULUBI Hindi ko hiningi. Tatanungin lamang kita ng ganyang tanong kapag dumating na ang tren at ika'y pasakay na.

BATA Bakit?

PULUBI Walang malalim na dahilan. Pumipili tayo ng mga dahilan upang maging magaan ang mga bagay-bagay sa kalooban natin. (*Saglit.*) Maaari tayong magsimula sa ganito. Ilang taon ka na?

BATA O, sige. Ang edad ko'y 99 pa lang.

PULUBI Masyadong bata. Bakit hindi mo piniling magpaturok? Anong dahilan mo sa pagparito?

BATA Magpapakasal na dapat ako. Hindi siya sigurado kung gusto niya akong mapangasawa. Sinabihan ko siyang hihintayin ko siya sa terminal na ito sa ganitong araw, sa ganitong sandali, sa ganitong saglit. Kung hindi siya darating, sasakay ako. Kung darating siya para pigilan ako, sasama ako sa kanya.

PULUBI Paano kung dumating siya ngunit hindi upang sunduin ka?

BATA Sapat nang dahilan 'yon para hindi ako tumuloy.

PULUBI Pag-ibig. Madalas kong marinig ang dahilan 'yan.

BATA Sa dami ng mga nakausap mo siguro'y narinig mo na lahat ng dahilan. Hindi ko na aalamin kung pang-ilan ako sa mga nagsabi na ng ganyang dahilan.

PULUBI Bakit ka nagmumura kanina?

BATA Hindi niya sinasagot ang tawag ko.

PULUBI Anong pakiramdam mo ngayon?

BATA (*Kalmante.*) Galit? (*Saglit.*) Mahal ko siya.

PULUBI Siya ang may problema, hindi ikaw.

BATA Talaga?

PULUBI Maniwala ka. Siya ang may problema, hindi ikaw.

BATA Paano kung siya ang nagpunta rito at siya ang kausap mo ngayon?

PULUBI Gano’n pa rin ang aking sasabihin. Siya ang may problema, hindi ikaw.

*Tawanan.*

BATA Sigurado ka bang tatanggapin  mong katotohanan ang mga sinasabi ko?

PULUBI Maaari mong sabihing nagsisinungaling ka.

BATA Natutuwa ako sa ‘yo...

PULUBI Ako rin, natutuwa ako sa mga dumarating dito at pinipiling makipag-usap sa akin.

*Katahimikan.*

BATA (*Pinagmamasdan ang paligid.*) Ngayon ko lang napansin ang buong terminal. Masyado nang luma. Kinakalawang na. Ganito pala ang hitsura ng sinasabi nilang terminal kung pipiliin kong hindi magpaturok. (*Saglit.*) Anong hitsura ng lugar na pinagdadalhan ng mga sumakay na ng tren?

PULUBI Walang nakakaalam.

BATA Kahit ikaw?

PULUBI Kahit ako. Wala naman nang nakababalik sa mga sumakay kapag nagsimula nang maglakbay ang tren.

BATA Baka disyerto ang pupuntahan ng tren. At hahayaan lamang kaming matuyot doon. Isang dagat-dagatang buto ng lahat ng taong naroroon na pinili ang ganoong huling hantungan. O baka naman isang disyerto ng yelo na pagtapak na pagtapak pa lang ay maninigas na. Magiging buhay kaming mga estatwa ngunit walang nakakakita. Isang gubat ng mga estatwa.  Isang saglit na ganda ang makikita ng tao bago tuluyang manigas at tuluyang pawian ng ulirat. (*Saglit.*) O baka wala naman pala talagang totoo sa lahat ng haka. Baka ibang mundo lang ang pupuntahan ng tren at hindi naman pala ang katapusan? Baka nagkakamali lang pala ang lahat ng mga taong sumasakay ng tren sa pag-iisip na ang tutunguhin nila'y ang kanilang huling hantungan?

PULUBI Masyado kang maraming iniisip.

*Saglit.*

BATA Mahal ko siya.

PULUBI Ang terminal?

BATA Hindi ang terminal.

PULUBI Ang patutunguhan ng tren?

BATA Hindi rin 'yon. (*Saglit. Titingin sa malayo.*) Siya—na hinihintay ko kung darating.

PULUBI Isang napakalayong pag-ibig ang himig ng iyong pananalita.

BATA Talaga?

PULUBI Sino siya?

BATA Siya... ang lahat-lahat ko ngayon. Ibibigay ko sa kanya ang lahat kapalit ng kahit mumunting alaala.

PULUBI (*Maglilinis ng kuko na parang nakikita ito. Hihipan pa.*) At?

BATA Siya... ang dahilan kung bakit ako naririto.

PULUBI (*Kikilatisin ang kamay.*) At?

BATA Napakaganda niyang lalaki.

PULUBI Walang pangit sa isang umiibig. At?

BATA Wala siyang kapintasan.

PULUBI Isa kang bulag katulad ko.

BATA Siya ang kahapon, ngayon at bukas ko.

PULUBI (*Inip.*) Wala na bang iba? Akala ko'y magiging iba ang takbo ng usapang ito. Ganoon pa rin pala. Hindi ko na sasabihin sa iyo kung pang-ilan ka sa mga nakausap ko na't nagbigay ng mga dahilang ganyan. (*Saglit.*) Aasa ka ba ng ibang sagot kung daan-daang milyong ulit ko nang narinig ang mga sinabi mo?

BATA Hindi ko alam.

PULUBI Ikaw lang ang umiibig sa inyong dalawa. Hindi ka niya mahal.

BATA Hindi?

PULUBI At hindi ka sasakay sa tren sakaling hindi siya dumating.

BATA Pero—

PULUBI Hindi ka sasakay ng tren maniwala ka.

BATA Talaga...?

PULUBI Nagkalat ang puso sa terminal na ito. Hindi mo ba nakikita?

BATA Anong puso?

PULUBI Kapag umiibig ang nagpasyang pumunta sa terminal na ito, duguan silang lilisan na wala nang puso. Napansin mo ang mga kalawang na sinasabi mo kanina.

BATA Oo.

PULUBI Pinakamabilis magpakalawang ang dugo, alam mo ba?

BATA Hindi.

PULUBI Duguan at kinakalawang ang terminal na ito dahil sa mga pusong sugatan. Hindi mo naaamoy ang lansa?

BATA Hindi.

PULUBI Hindi mo naririnig ang pintig ng nagkalat na milyon-milyong puso. Ang kanilang mga kaba, ang kanilang mga galit, ang kanilang mga panghihinayang—

BATA Sino ka?

PULUBI Nakakatulog ako sa himig ng daan-daang milyong pusong sugatan ngunit pumipintig pa rin sa terminal na ito.

BATA Narinig ko na sa ilang kakilala ang tungkol sa isang pulubing matatagpuan sa terminal na ito.

PULUBI Ang mga kakilala mong ito— Malamang ay pareho kayo ng dahilan sa pagpunta rito. Malamang ay magiging katulad lamang ng kanilang mga naging dahilan ang magiging dahilan mo kapag hindi ka sumakay. Malamang ay hindi ko sila kilala.

BATA Dahil kikilalanin mo lang sila kung sasakay na sila ng tren. Tama ba? (*Saglit.*)

PULUBI Matapos maibigay ang pangalan ay ang pangangailangang mawala. Dahil kailangan ng taong muling magtanong ng pangalan. Isang pag-amin sa kahinaan ng tao ang muling pagtatanong. Katulad ng iyong ginagawa ngayon.

BATA Natutuwa ako sa iyo.

PULUBI Walang nakakatuwa sa sinasabi ko, maniwala ka. (*Saglit.*) Hindi ka ba naiihi?

BATA Naiihi?

PULUBI Naiihi. Baka sakaling magbago sa iyong pagbabalik ang mga sasabihin mo matapos kang makaihi.

BATA Gusto mo na akong umalis?

PULUBI Hindi ka rin naman aalis. Iihi ka lang.

BATA Iihi lang ako.

PULUBI Nagbabago ang pananalita ng tao matapos siyang maihi.

BATA Sige, iihi lang ako. Hindi ka naman aalis, hindi ba?

PULUBI Walang nagbabago sa terminal na ito.

BATA Sandali lang.

*Aalis ang BATA.*

PULUBI (*Sa manika.*) Ay, nakalimutan nating tanungin kung may maaari siyang maibigay na pagkain para sa atin. Sige, pagbalik niya'y tatanungin ko. (*Saglit.*) Narinig mo naman 'yung mga sinasabi niya. (*Matatawa.*) Hindi naman talaga nagbabago ang tao. Sa dinami-dami ng pagtatangka at pag-aayos na ginawa ng tao sa sarili niya upang baguhin ang hinaharap, hindi naman talaga siya umunlad. Hindi na nila naiisip na bumabalik lamang sila nang bumabalik sa sinaunang suliranin nila: ang kilalanin at alamin ang halaga ng sarili sa mundong ito. Paulit-ulit. Paulit-ulit. Paulit-ulit. Mabuti pa ang isang manikang katulad mo, manhid.

(*May maaaninag ang pandinig na paparating.*) ‘Yan! ‘Yan! May dumarating! Maaari tayong humingi sa kanya!

(*Saglit.*) Mukhang pamilyar ang lakad ng isang ito.

*Darating ang MATANDA, marusing ang pananamit. Anyong nagmula sa isang napakalayong paglalakbay. Mahaba ang kanyang buhok.*

PULUBI Palimos po... Palimos po para sa sikmura ng isang bulag at pulubing katulad ko.

MATANDA Noong unang pumunta ako rito, kahit noong ikalawa, ikatlo hanggang ika-labindalawang punta ko, walang nagbago sa ‘yo. ‘Yan pa rin ang sinasabi mo.

PULUBI Ikaw!

MATANDA Ako nga.

PULUBI Ang lakad ng tao kahit 1200 taon na ang nakakaraan ay hindi nagbabago.

*Matatawa ang MATANDA. Saglit.*

PULUBI Susubukan mo na naman sumakay sa tren?

MATANDA Ganyang-ganyan ang sinabi mo sa akin isandaang taon na ang nakakaraan.

PULUBI (*Matatawa.*) Parating ka pa lang ay kilala ko na ang iyong lakad.

MATANDA Napakalayo ko pa'y nakita ko na ang isang basahan at alam kong ikaw 'yon.

PULUBI at
MATANDA Kamusta ka, Kaibigan—

*Tawanan.*

MATANDA Heto, susubok na naman kung handa na ba talaga akong sumakay o hindi.

PULUBI Hindi ka pa rin handa.

MATANDA Nitong mga huling taon, habang papalapit nang papalapit ang araw na dapat ay nagpapaturok na ako o pupunta na sa terminal na ito, iniisip ko: ano kaya kung kahit minsan lang, mapatunayan ko sa iyong mali ka.

PULUBI Wala akong nakikitang masama. Ngunit sasabihin ko sa iyo, hindi nagkakamali ang isang aminadong bulag.

MATANDA Noong una, tulala akong umalis dahil sa mga sinabi mo. Sabagay, parati naman akong tulala kapag umaalis na sa terminal na ito. May bumubulong sa akin na parang may hindi ako nagawa. (*Mangingiti.*) Alam na natin 'yon. Hindi ako natuloy sa pagsakay ng tren. Maglalakad ako nang maglalakad hanggang makarating sa abangan ng mga sasakyang maghahatid sa akin tungo sa gusali na pinupuntahan ng mga tao para magpaturok ng serum. At mumultuhin ako ng pag-uusap na nangyari sa atin.

Lalabas ako ng gusaling umaasa na sana'y matapos na ulit ang sirkulo ng siyamnapu'tsiyam na taon para bumalik dito at makausap ka.

PULUBI Saan ka na nakarating?

MATANDA Sa isang kanto ng nagmamadaling lungsod ko natagpuan ang sarili ko. Umupo lang ako doon at hindi na muling kumilos. Parang 'yung ginagawa mo sa simula't simula pa lang na nakilala kita dito sa terminal. (*Saglit.*) Nakakausap ko na ang semento, alam mo ba? May wika rin sila. Humuhugong sila sa panaginip ko. Marami silang ibinubulong na kuwento ng mga taong nagdaraan sa kantong 'yon. Pero ang pinakamasaklap, kapag ikinukuwento na nila ang mga alaala ng kabundukang pinanggalingan nila. Kung paano sila hinugot sa sinapupunan ng lupa. At kung paanong binago ng mga kemikal ang kanilang katauhan. (*Saglit.*) Naisip kong wala na akong ipinagkaiba sa sementong hinihigaan ko.

PULUBI Isipin mo na lang, Kaibigan, ang mga bumubulong sa akin kapag mag-isa lamang ako dito. Lalo kapag gabi o madaling-araw.

MATANDA Napakalayo na ng narating ko, alam mo ba? Nalibot ko na ang buong mundo nang ilang ulit. Nalapitan ko na ang araw. Isang mundong nababalot ng kumukulo't nagbabagang putik. Napakainit. Ni hindi ko magawang hawakan ang pumapagitan sa aming salamin. Alam mo bang noong mga sandaling naroon ako'y hiniling ko na sana... na sana'y bigla na lang mabitak ang salaming harang na nakapagitan sa amin ng nagbabagang tanawin. (*Mangingiti.*) Ang sabi sa akin ng isang trabahador doon sa aming sinakyan papalapit sa araw, bukod sa terminal na ito'y maaari rin daw naming piliing doon na mamahinga. (*Mangingiti.*) Hindi ko ginawa. Kung

ginawa ko'y hindi sana tayo magkaharap ngayon. (*Saglit.*) Naakyat ko na rin ang pinakamatataas na bundok sa planetang Mars. Malamig. Malakas ang hangin.

PULUBI Nabanggit mo na ang mga 'yan noong huling punta mo rito.

MATANDA (*Mangingiti.*) Oo nga pala. Oo nga pala. Nagawa ko na halos lahat. Dumating na lang ako sa sandaling 'yun bang ginagawa ko na lang ang mga bagay-bagay para masabi lang na nagawa ko ang ganito o ganoon.

PULUBI 'Yan din ang dahilan kaya sumasapat na sa akin ang pagiging narito sa lahat ng panahon. Wala na akong kailangang patunayan kahit marami akong bagay na hindi pa nagagawa.

MATANDA Katulad ng?

PULUBI Katulad ng malapitang pagmamasid sa gawi ng araw na sinasabi mo. May isa pa ngang nagsalaysay na napagmasdan na daw niya ang pag-ikot ng mga planeta sa araw. Isang magandang tanawin. Hanggang doon lang. (*Saglit.*) Nagiging tagapakinig na lamang ako sa mga salaysay na katulad niyan. Isama mo pa ang pakikinig ko sa mga naiisip mo habang binabalak mong sumakay sa tren.

MATANDA Inisip mo na rin bang sumakay sa tren?

PULUBI Noong simula, 'yan ang dahilan ko. Hanggang naging pangkaraniwan na lang ang pagiging narito ko. Naging pangkaraniwan na lang ang pakikipag-usap sa kung sinong hindi ko kilala; na kikilalanin lang kapag napagpasyahan na ng naghihintay na sasakay na siya ng tren. Naging pangkaraniwan na lang ang pagdating, pagdagsa

ng mga tao rito; at ang paglisan ng mga tao na, sa huling sandali ng pagpapasya, ay pinipiling magpaturok na lang ng serum. Naging pangkaraniwan na lang ang pagdating, paglisan ng tren.

*Katahimikan.*

MATANDA    Masyadong tahimik sa bahaging ito ng terminal. Ngunit hindi.

*Kakatukin ng MATANDA ng isang barya mula sa bulsa ang isang poste ng terminal. Pipikit. Dadamhin ng MATANDA ang tunog. Ibibigay ng MATANDA ang barya sa nakalahad na palad ng PULUBI.*

PULUBI    Salamat. (*Saglit.*) May kailangan akong itanong.

MATANDA    Ano ‘yon?

PULUBI    Alin ang ipinupunta mo rito? Ang tren ba talaga ang ipinupunta mo rito? Ang terminal na ito? Ako?

MATANDA    Noong una, kahit noong panglabindalawang ulit nang pagpunta ko, (*saglit*) ang mga sarili kong takot ang tinatakasan ko. Tapos, kapag dumating na ang pinakakinatatakutan ng lahat, ang tren, hindi ko na alam. Marahil ang patutunguhan ng tren na walang nakakaalam at walang kasiguruhan ang! pinakanakakatakot sa lahat.

PULUBI    Alam mo bang ikaw ang unang taong nakaabot sa bilang na labingtatlong ulit na pagpapabalik-balik dito?

MATANDA “Alam mo bang ikaw ang unang taong nakaabot sa bilang na labindalawang ulit na pagpapabalik-balik dito?” Ito naman ang tanong mo noong huling ulit na naandito ako.

PULUBI (*Matatawa.*) Hindi ko maalala. Marami akong naaalala at marami ring hindi.

MATANDA (*Mangingiti.*) ‘Yon ang sinabi mo.

*Darating ang BATA, inaayos ang sarili. Hindi muna mapapansin na naroon na ang MATANDA.*

BATA Ang haba pala ng pila! Kailangan pa munang kumuha ng numero. Pang-sampung libo ako. Medyo natagalan tuloy...

PULUBI Kapag wala nang masabi ang isa’t isa sa isa’t isa, magpapaalam ang isa na may gagawin. Mas madalas, ang sinasabing dahilan ng nagpapaalam, iihi lang saglit.

BATA Inutusan mo ako, ano ka...

PULUBI Dahil alam kong naiihi ka na. At nauubusan ka na ng sasabihin. Inunahan ko na lang ang maaari mong sabihing dahilan.

BATA Ows? Sino ‘yang— (*Makikilala ang MATANDA.*) Yumadapakashit! (*Saglit.*) Akala ko hindi ka na darating. Parating na ang tren. At nawawalan na ako ng pag-asa kung darating ka!

PULUBI (*Sa MATANDA.*) Ikaw pala ang hinihintay nito.

MATANDA Hindi ko ‘yan kilala. (*Sa BATA.*) Kilala ba kita?

BATA Hindi. Pero ikaw, kilala ko.

MATANDA Paano mo ako nakilala?

BATA Pinakaba mo ako. Akala ko, hindi ka na darating.

MATANDA (*Sa PULUBI.*) Ano’ng pinagsasabi n’yan?

BATA Ikaw ‘yong matanda sa isang kanto na nadaanan ko.

MATANDA Siguro. Ako nga. Siguro. Maraming kanto sa mundong ito. Bakit?

PULUBI Nakaihi ka na?

BATA Oo.

MATANDA Ano’ng ihi? Wala na akong naiintindihan!

PULUBI Inutusan ko siyang umihi muna kanina bago ka dumating.

MATANDA (*Sa BATA.*) Kanina pa ‘yan dito?

PULUBI Nauna siya sa iyo nang ilang sandali.

MATANDA Bakit hindi mo sinabi kaagad?

PULUBI Dapat ba? Hindi ko alam.

BATA Bakit ngayon ka lang dumating?

MATANDA Hindi ko kailangang magpaliwanag sa ‘yo, hindi kita kilala.

BATA Binigyan mo ako ng kendi noong isang taong gulang pa lang ako. Hindi mo ako naaalala?

*Katahimikan.*

MATANDA Ikaw...

BATA Oo. Ako nga. Kakalabas ko lang sa test tube noon. Kasama kong naglakad ang mga magulang ko. Nakita kita.

MATANDA Ang laki mo na. (*Saglit.*) Ibig sabihi’y—

BATA Tumutupad lang ako sa napag-usapan natin dati, na magkikita tayo sa terminal na ito matapos ang 98 taon. Buong buhay ko, wala akong hinintay na sandali bukod dito. At ngayon ‘yon.

MATANDA Ikaw... Katatapos ko lang magpaturok ng serum no’n nang makita mo akong nakasalampak sa isang kanto.

BATA Tinatawagan kita kanina, pero hindi ka sumasagot.

MATANDA (*Ilalahad ang palad. Susuriin ito. Pagmamasdan.*) Matagal nang sira itong akin. (*Saglit.*) Hindi ko na ipinaayos. Hindi na ako umalis sa kantong iyon mula’t mula pa. Kahit noong bago mo pa ako makita at binigyan kita ng kendi. Hindi na kita nakita mula noon kahit kailan.

PULUBI Ang tanda mo na.

MATANDA Mas matanda ka.

PULUBI Oo nga naman. Ako ang pinakamatanda. Naaalala ko, may hawak-hawak pa kami noon para matawagan lang ang isa't isa. (*Mag-iisip.*) Nalimot ko na ang tawag namin sa bagay na iyon. (*Mag-iisip. Mangingiti.*) Dala-dalawa pa nga minsan ang dala ko noon, naaalala ko.

MATANDA Naabutan ko pa 'yan. (*Mangingiti.*) Isa ako sa mga huling nakagamit n'yan bago pa mangyari ang mga operasyon na ginagawa sa kamay para wala nang dala-dala ang tao kung may kailangan siyang tawagan. Ilalapit na lang niya ang kamay sa kanyang tenga.

PULUBI Umiibig ka ba talaga?

BATA Oo.

PULUBI Matanda siya sa iyo nang mahigit 1200 taon.

MATANDA Walang edad ang pag-ibig.

PULUBI Meron.

BATA Meron nga. Ang edad ng pag-ibig ko sa kanya'y 98 taon na.

PULUBI (*Sa MATANDA.*) Kitams. Meron.

BATA Ang tagal kong hinintay ang pagkakataong ito.

PULUBI Kaya pala hindi mo masagot ang tanong ko kanina kung sino siya na iyong hinihintay?

MATANDA Kung hindi mo pa ipinaalala'y hindi na kita makikilala.

BATA Imposibleng hindi kita makilala. Ikaw lang ang taong nakilala kong nagbigay sa akin ng kendi. Ikaw lang at mga magulang ko ang nagbigay sa akin ng kendi. Yung limampung naging syota ko'y—

PULUBI Ang dami naman—

BATA Yung limampung naging syota ko'y puro tsokolate, unan, at mga bulaklak ang ibinigay. Yung iba nama'y kung ano-ano raw galing sa sinaunang panahon ang ibinibigay, walis-tingting, bunot, posporo. Para namang matutuwa ako sa mga ganoon. Walang nagtagal sa akin sa kanilang lahat. Pare-pareho sila. Wala man lang nagbigay ng kendi sa kanila. Ikaw lang. (*Saglit.*) Ang buhok mo— Hindi ganyan ang buhok mo noong una kitang nakita.

MATANDA Naggugupit ako kapag umuulan. Kapag umuulan, nagiging isang napakalawak na salamin ang buong lungsod.

PULUBI Ang sabi ng isang minerong sumakay ng tren nito lamang nakaraan, ang bundok raw ay nagiging alon kapag umuulan. Bumubura sa mga lungsod na nakapaligid sa bundok. Napapatag ang lahat ng daanan ng rumaragasang putik. Bumabalik sa sinapupunan ng lupa ang lahat-lahat.

BATA (*Hindi papansinin ang sinabi ng PULUBI.*) Mas gusto ko ang iyong buhok noong una kitang nakita.

MATANDA (*Lalapit sa BATA. Anyong hahaplusin ang mukha ng BATA ngunit hindi itutuloy.*) Maaring akong manalamin sa mata mo. Dala ko parati ang gunting ko.

PULUBI Hindi ikaw ang dahilan ng kanyang pagpunta rito.

*Katahimikan.*

BATA Ano'ng ibig nitong sabihin?

PULUBI Hindi siya nagpunta rito para tumup ftad sa napag-usapan niyo. Look

BATA Bakit?

PULUBI Malay ba niyang makikita ka niya rito. Sasakay na siya ng tren.

MATANDA Wala akong sinabing ganyan. Ang sabi ko'y hindi ako sigurado. Isa pa'y sinabi mong hindi ako sasakay ng tren.

PULUBI Nagbago na ang lahat. Sasakay ka na sa pagkakatong ito.

BATA Sasakay ka na ng tren na wala ako? Ngayon lang tayo nagkita!

MATANDA Kung yayayain ba kitang sumakay na lang ng tren, sasama ka ba sa akin?

BATA Oo. (*Saglit.*) Hindi. Hindi.

MATANDA Hindi?

BATA Hindi naman sa ganoon. Kaya lang... alam mo na—

MATANDA Alam ko na'ng ano?

BATA Hindi... hindi ko na alam ang ano.

PULUBI Habang tumatagal ay nagugustuhan ko ang usapang ito.

MATANDA Wala na kaming maintindihan. (*Sa PULUBI.*) Pinapagulo mo pa ang usapan.

BATA Ako man. Wala na rin akong naiintindihan.

PULUBI (*Saglit.*) Bakit kapag kayong dalawa na ang nag-uusap, e, gumugulo na ang lahat-lahat. Kahapon pa tayo dito, a.

MATANDA Sinabi mo pa. Kahapon pa nga tayo rito.

PULUBI Maaari tayong muli magsimula. (*Sa BATA.*) Ano'ng tingin mo?

BATA Pwede siguro...

PULUBI Ganito. Umihi ka sandali ulit kunyare. Kunyare, daratnan mo kaming nag-uusap. Tapos pabalik ka na. Ano ang sasabihin mo sa kanya?

BATA Sandali lang.

*Lalayo ang BATA.*

BATA (*Habang naglalakad at papalapit sa dalawa, mag-i-internalise. Saglit.*) Ang haba pala ng pila! Kailangan pa munang kumuha ng numero. Pang-sampung libo ako. Medyo natagalan tuloy...

PULUBI Kapag wala nang masabi ang isa't isa sa isa't isa, magpapaalam ang isa na may gagawin. Mas madalas, ang sinasabing dahilan ng nagpapaalam, iihi lang saglit.

BATA Inutusan mo ako, ano ka...

PULUBI Dahil alam kong naiihi ka na. At nauubusan ka na ng sasabihin. Inunahan ko na lang ang maaari mong sabihing dahilan.

BATA Ows? Sino 'yang— (*Makikilala ang MATANDA.*) Dumating ka...

MATANDA (*Nag-i-internalise din. Parang ngayon lang nakita ang BATA.*) Ikaw ang kadarating lang.

BATA Umihi lang ako sandali.

MATANDA Umihi ka?

BATA Sabi nito (*sa PULUBI*), umihi daw muna ako sandali. Hindi ko naman alam na napakahaba pala ng—

MATANDA Narito na ako. Tulad nang napag-usapan natin noong isang taong gulang ka pa lang.

BATA Naalala mo. Nawawalan na ako ng pag-asa kanina na baka hindi ka na dumating. Na baka nakalimutan mo na. Na baka naligaw ka...

MATANDA Kabisado ko na ang daan papuntang terminal na ito. Ito ang panlabingtatlo ko nang punta rito. Kahit nakapikit ako'y kaya kong makarating mula sa kung saan papunta rito.

BATA Ang haba na ng iyong buhok.

MATANDA Naggugupit ako kapag umuulan sa lunsod. Kapag umuulan... nagiging isang napakalawak na salamin ang buong lungsod.

PULUBI Ang sabi ng isang minerong sumakay ng tren nito lamang nakaraan, ang bundok raw ay nagiging alon kapag umuulan. Bumubura sa mga lungsod na nakapaligid sa bundok. Napapatag ang lahat ng daanan ng rumaragasang putik. Bumabalik sa sinapupunan ng lupa ang lahat-lahat.

MATANDA (*Sa BATA habang minumuwestra ang sariling buhok.*) Ilang taon nang hindi umuulan kaya ganito na kahaba. (*Matatawa. Saglit.*) Ang laki mo na—

BATA Isang taong gulang lang ako nang nakita kita sa kantong iyon. Kakalabas ko lang sa test tube noon. Kasama kong naglakad ang mga magulang ko. Nakita kita.

MATANDA Inalok kita ng kendi. Akala ko matatakot ka.

BATA Pagkasundong-pagkasundo pa lang sa akin sa center ng magiging mga magulang ko'y, matigas na ang ulo ko. Sabi ng mga magulang ko, huwag daw makipag-

usap sa mga hindi kilala. Nangunguha daw ng bata ang mga Mamang may dalang sako. Pero lumapit pa rin ako sa iyo.

MATANDA Matamis ba?

BATA Ang alin?

MATANDA Ang kendi?

BATA Maasim-asim.

MATANDA Ilang buwan na rin sa bulsa ko ang kending iyon. Sabi ko, ibibigay ko ito sa isang espesyal na bata.

BATA At ako ‘yon?

MATANDA Ikaw nga.

BATA Ano’ng nakita mo sa akin?

MATANDA Hindi ko alam. Kaya nga nasabing espesyal dahil hindi alam kung ano ‘yon.

BATA Dumaan ulit ako doon sa puwesto mo pagkatapos ng mga limang taon pero hindi na kita naabutan. Wala ka.

MATANDA Parati lang akong nandoon. Umiihi siguro ako. O baka, wala ako doon dahil pinaalis ako. Pinapaalis ako kapag dumadaan yung mga pulis. O baka kumakain ako. Pero bumabalik at bumabalik ako doon parati.

BATA Hindi ka umalis kahit minsan?

PULUBI (*Sa BATA.*) Kasasabi niya lang na umaalis siya paminsan-minsan pero agad ding bumabalik.

BATA (*Hindi papansinin ang sinabi ng PULUBI.*) Parati kitang nasasalisihan. Mga sampung ulit akong nagpapabalik-balik sa puwesto mo nitong nakalipas na mga taon.

MATANDA Napansin mo bang makintab ang lugar na inuupuan ko?

BATA Hindi.

PULUBI Bata ka pa nga talaga. Pansinin mo ang ilang bahagi rito sa terminal. (*Aalis sa kanyang puwesto ang PULUBI.*) Ano'ng hitsura ng inuupuan ko?

BATA (*Pagmamasdan ang inupuan ng PULUBI.*) Makintab nga. (*Sa MATANDA.*) Kung nagawa ko lang sana'ng mapansin 'yon ay naghintay sana ako nang mas matagal.

MATANDA Matagal na 'yon. Nakaraan na. Narito ka naman na.

*Saglit.*

MATANDA Kamusta ang Nanay mo...

BATA Mabuti.

MATANDA Ang Tatay mo...

BATA Mabuti.

MATANDA Ang kapatid mo...

BATA Mabuti.

MATANDA Ang alaga niyong aso? Mabuti. Ang pinsan mo? Mabuti. Ang mga kaibigan mo? Mabuti. Wala ka na bang ibang isasagot?

BATA Masama! O, sige, lahat masama! Masama na nga ang sasabihin ko, naunahan mo lang ako.

PULUBI Ulitin niyo.

MATANDA Kamusta ang Nanay mo...

BATA Nasa ospital naghihingalo. Pero mukhang gagaling. Ang sabi ng doktor, paralisado na ang buo niyang katawan kung sakaling lumabas siya ng ospital.

MATANDA A, gagaling din. Ang Tatay mo...

BATA Nasa presinto. Nagpatiwakal siya, biglang nabuhay, ipinagamot, ngayon, nakakulong. Pinag-e-eksperimuntuhan na rin siguro ng mga doktor.

MATANDA Ikaw...

BATA Ano'ng ako?

MATANDA
at BATA Kamusta ka...

MATANDA Ikaw na ang mauna.

BATA Ikaw na.

MATANDA Hindi. Ikaw na ang mauna.

BATA Ikaw na nga sabi. (*Sa PULUBI.*) Wala ka man lang bang sasabihin.

PULUBI Nakikinig lang ako sa usapan niyo.

BATA Nahihirapan na kami dito. Magdagdag ka naman. Kahit ano.

MATANDA Ayoko na. Itigil na natin ito. (*Lilipat ng puwesto malayo sa dalawa.*) Dito na lang ako maghihintay. Amputa. Nagpapalipas ka na nga lang ng mga sandali bago sumakay ng tren, pahihirapan ka pa. Ayoko na! Hindi ba pwedeng...

PULUBI Ayaw ko na rin. (*Aalisin ang shades.*) Mahirap magsuot nito. Ang dilim-dilim.

BATA Dilim lang. Ang 'dilim-dilim', labis-labis na 'yon.

MATANDA Labis lang. 'Labis-labis', labis na 'yon.

PULUBI (*Bungtong hininga.*) Siya... sige na, dilim lang. Dilim... (*Sa BATA.*) Ito ang 'yong unang pagpunta rito.

BATA Oo.

PULUBI Ang mga bata, parati nang nauunahan ng kaba kapag mas matanda ang nakakausap nila. Naiintindihan kita. (*Sa MATANDA.*) Ilang taon ka na nga ulit?

MATANDA 1299.

PULUBI Mas dapat ikaw ang nagdadala sa usapan niyo. Mas matanda ka.

MATANDA  Dalawahan ang isang usapan. (*Sa BATA.*) Kasalanan niya. Tatlong araw na tayo rito. Kahapon pa natin ginagawa ito, hindi niya pa rin makuha-kuha kung ano'ng mga dapat niyang sabihin kung darating 'yong hinihintay niya. Hindi na ako nagtataka kung wala kang masasabi kung ano sa kung sinong hinihintay mo sakaling dumating 'yon dito.

BATA (*Anyong maiiyak.*) Hindi ako ang may kasalanan!  Ikaw na rin ang nagsabi, dalawahan ang isang usapan.

MATANDA  E, di kasalanan mo pa rin.

BATA Wala akong kasalanan! Wala akong kasalanan!

*Tatakbo ang BATA palayo sa dalawa. Lalabas.*

MATANDA  Kasama ba 'yon sa mga gagawin niya dapat?

PULUBI  Hindi. Baka nagtampo na talaga. Ang lupit mo kausap. Wala kang pagtitimpi sa mga nakababata.

MATANDA  Masyado pa nga siyang bata.

*Saglit.*

PULUBI  Ikaw...

MATANDA  Ano'ng ako...

PULUBI  Hanggang ngayong hindi ka pa rin tiyak kung sasakay ka na talaga.

*Hindi sasagot ang MATANDA.*

PULUBI Hindi ka na naman sasakay?

MATANDA Hindi naman sa ganoon.

*Saglit.*

PULUBI Anomang sandali ay darating na ang tren.

MATANDA Simulan ulit natin.

PULUBI Saan?

MATANDA Kung paano tayo unang nag-usap.

PULUBI Matagal na 'yon. Mahigit 1000 taon na ang nakakaraan. Hindi ko na maaalala.

MATANDA Hindi tumatanda ang hitsura mo kahit sinasabi mong hindi ka na umaalis dito sa terminal na ito. Sa pagsasabi mo pa lang ng mga bagay-bagay, nararamdaman kong mas matanda ka talaga sa akin.

PULUBI Hindi ko naman itinatanggi ang pagiging mas matanda ko sa iyo.

*Saglit.*

MATANDA (*Sa direksyon ng BATA.*) Hindi naman siguro babalik kaagad 'yon, ano.

PULUBI Pinaiyak mo. Mukhang matatagalan.

MATANDA Ganito, kunwari parating pa lang ako.

PULUBI Tapos?

MATANDA Katulad ng ginawa mo kanina. Lalayo muna ako. Naaalala ko pa naman kung kailan ako papasok.

PULUBI Baka biglang dumating ang tren habang wala ka.

MATANDA Hindi naman ako mawawala. Andito lang ako. Sabihin mo lang yung mga sinabi mo kanina. No'ng lumayo 'yung isa dahil inutusan mong umihi.

PULUBI Sige.

MATANDA Lalayo na ako sandali.

*Aalis ang MATANDA. Mg-i-internalise.*

PULUBI Paulit-ulit. Paulit-ulit. Paulit-ulit.

(*May maaaninag ang pandinig na paparating.*) 'Yan! 'Yan! May dumarating! Maaari tayong humingi sa kanya!

(*Saglit.*) Mukhang pamilyar ang lakad ng isang ito.

*Darating ang MATANDA, marusing ang pananamit. Anyong nagmula sa isang napakalayong paglalakbay. Mahaba ang kayang buhok.*

PULUBI Palimos po... Palimos po para sa sikmura ng isang bulag at pulubing katulad ko.

MATANDA Noong unang pumunta ako rito, kahit noong ikalawa, ikatlo hanggang ika-labindalawang punta ko, walang nagbago sa ‘yo. ‘Yan pa rin ang sinasabi mo.

PULUBI Ikaw!

MATANDA Ako nga.

PULUBI Ikaw na naman!

MATANDA Mukhang sa pagkakataong ito’y ikaw na ang nanawang ako’y makita!

PULUBI Susubukan mo na naman sumakay sa tren?

MATANDA Ganyang-ganyan ang sinabi mo sa akin isandaang taon na ang nakakaraan.

PULUBI (*Mangingiti.*) Parating ka pa lang ay kilala ko na ang iyong lakad. Kahit libo-libong taon pa ang magdaa’y hindi nagbabago ang lakad ng isang tao; maliban na lang kung siya’y maputulan ng paa—sa isang digma siguro. (*Mangingiti.*)

PULUBI at
MATANDA Kamusta ka—?

*Tawanan.*

MATANDA Ito; susubok na naman kung handa na ba talaga akong sumakay o hindi.

PULUBI Hindi ka pa rin ba handa?

MATANDA Isa ‘yang tanong...

PULUBI Tama ka.

MATANDA May nagbago sa iyo—

PULUBI Hindi ko napapansin. Lagi lang naman akong narito.

MATANDA ‘Yong katatanong mo pa lang—

PULUBI Ano’ng mayroon sa aking tanong?

MATANDA Ngayon lang naging patanong ang pagsasabi mo ng kung handa na ako. (*Saglit.*) Nitong mga nakaraan, lagi kang sigurado na hindi ako sasakay. Ngayon, itinatanong mo—bakit?

PULUBI Hindi ko alam.

MATANDA ‘Yon ang parating sinasabi mo. Hindi patanong. Lagi kang sigurado.

PULUBI Marami akong alam at marami ring hindi. Marami akong kayang sagutin ngunit marami ring hindi.

MATANDA Hindi kita nakilala kahit kailan. Pero parang kilala kita. Na parang hindi rin.

PULUBI Hindi mo ako makikilala kahit bumalik-balik ka bawat isandaang taon.

MATANDA Hindi ko man lang nalaman ang pangalan mo.

PULUBI Hindi ko ibinibigay ang sa akin. Hindi ko rin naman hinihingi ang sa iyo.

MATANDA Bakit?

PULUBI Kabigkis ng aking ngalan ang katagang ‘katapusan’.

*Wala pa ma’y anyong may naririnig na ang PULUBI.*

PULUBI Nariyan na ang tren.

MATANDA Wala akong naririnig.

PULUBI Kabisado ko na ang himig ng hangin at kahit ang mumunting mga paggalaw ng semento sa terminal na ito. Nariyan na ang tren. Hindi ako maaaring magkamali.

MATANDA Ang bilis. Hindi pa tayo nakakapag-usap nang mabuti.

PULUBI Marami na tayong natapos na pag-uusap. Ang susunod na pagsisimula’y magiging isa na lamang pag-uulit.

MATANDA Tama... Tama... (*Mangingiti.*) Sasakay ako.

PULUBI Matatapos na rin ang ‘yong pagkabagot. Ang sa akin nama’y muli na namang magsisimula ngunit sanay na ako. Muntik ka nang matulad sa akin, alam mo ba?

MATANDA Katulad ng ano?

PULUBI Naririnig mo na ang himig ng semento. Kung paano silang hinugot sa sinapupunan ng kabundukan. Kung paanong binago ng mga kemikal ang kanilang pagkabato.

MATANDA (*Mangingiti.*) Siguro nga. (*Mapapatingin sa direksyon tinakbuhan ng BATA.*) Hindi pa bumabalik 'yung kasama natin kanina.

PULUBI (*Titingin sa direksyong tinakbuhan ng BATA.*) Naduwag na siya. Madalas, umiiyak o kung hindi ma'y tulala ang mga lumilisan sa terminal na ito. 'Yun bang wari may hindi sila natapos gawin. At kailangan na nilang lumisan. Lumalayo silang kulang-kulang. Ang hindi nila alam, isang bahagi ng puso na nila ang naiwan dahil sa paghihintay sa terminal na ito. (*Saglit.*) Muntik na siyang tumuloy, alam mo ba?

MATANDA Paano mo nalaman?

PULUBI (*Matatawa.*) Hindi mo alam kung gaano na kadaming tao ang nakilala ko dito sa terminal. Kabisado ko na ang gawi ng tao. Ngayo'y sigurado ako; sasakay ka na sa paparating na tren.

MATANDA Baka naman isang nagkukunwarian ka lang katulad ng ginagawa natin nitong mga huling araw habang nagpaplipas-oras sa paghihintay?

PULUBI Wala ka pa rin tiwala sa akin? Magtiwala ka. Sasakay ka sa pagkakataong ito.

MATANDA Paano kung hindi ako sumakay?

PULUBI Pagsisihan mo. Magiging katulad ka ng napakarami nang dumating at lumisan-lumayo dito sa terminal. Kapag naririnig ko ang tinig ng mga taong nakakusap ko sa terminal na ito, nalalaman ko ang kanilang kasaysayan. Ang bawat tinig ay isang kasaysayan, Kaibigan. Hindi nila kailangang sabihin ang kanilang nagdaan, ang dahilan

ng kanilang pagparito. Hindi mo kailangang sabihin ang pinagdaanan mo sa bawat pagparito sa terminal. Nararamdaman ko iyon sa himig ng kanilang pananalita, ng iyong pananalita. Alam kong hindi ka nagsasabi ng totoo. Kaya alam kong sasakay ka.

MATANDA Salamat.

PULUBI Nakita mo? Nagpasalamat ka.

MATANDA Ano'ng ibig mong sabihin?

PULUBI Sinasabi ang pasasalamat kapag malapit nang lisanin ng isa ang isa pa. Ngunit kakambal nito ang pag-asa ng nagpasalamat na sana muli silang magkita ng pinasasalamatan. Buo na ang iyong loob. Pagsakay mo ng tren, sa haba ng biyahe, dadalawin ka ng alaala ng huli mong pakikipag-usap sa akin. Kaibigan, huwag kang pumayag sa pagdalaw ng alaala. Ang alaala'y para lamang sa mga taong may napakaraming lungkot at pinagsisisihan. Hindi mo na ito maibabalik.

*Lumalakas na pagdating ng hugong ng tren. Darating ang BATA.*

BATA Paparating na ang tren. Umulit pa ba kayo? Akala ko'y mahuhuli na ako. Nadala ako kanina ng damdamin ko sa ginagawa natin, a. Akala ko, didiretso na ako para magpaturok—

PULUBI Hindi ka sasakay.

BATA Ano'ng ibig mong sabihing hindi ako sasakay?

PULUBI Pagdating ng tren, lalapit ka sa pinto nito. Susubukan mong ihakbang ang isa mong paa. Ngunit hindi mo ito itutuloy.

BATA Paano ka nakakasiguro?

PULUBI Hindi dumating ang iyong hinihintay.

BATA (*Kinukumbinsi ang sarili.*) Oo nga. Hindi nga siya dumating kaya ako sasakay.

PULUBI ‘Yon din ang dahilan kaya hindi ka sasakay. Pagbukas ng pinto ng tren, iisipin mong baka maaari pa ang isang pagkakataon. Na baka makita mo ulit sa mga kalsada ng lungsod na tinitirhan mo ang taong hinihintay mo rito ngunit hindi dumating. Na baka magkausap muli kayo. Na baka magkaroon pa muli kayo ng ikalawang pagkakataon.

MATANDA Ikalawang pagkakataon. Ako’y binigyan na ang sarili ng labindalawang pagkakataon.

BATA (*Malalim ang iniisip. Matutulala.*) Ikalawang pagkakataon...

PULUBI Lahat ng nagpupunta sa terminal na ang tanging dahila’y pag-ibig ay hindi sumasakay sa tren pagdating nito. Kabisado ko na ang gawi ng tao. Pangako, hindi ka sasakay. Huwag ka mag-alala, marami kang magiging kasabay paglisan sa terminal na ito. Sabay-sabay din kayong tutungo sa gusali para magpaturok ng serum.

*Hindi sasagot ang BATA. Saglit.*

PULUBI Ang lahat ng mga taong umiibig ay natututong magsinungaling sa kanilang mga sarili. Kaya naniniwala ako sa sinasabi mo kaninang sinungaling ka.

MATANDA (*Sa PULUBI.*) At ikaw ay ganoon din.

PULUBI (*Mangingiti.*) Ako man.

*Tunog ng paghinto ng tren. Tulala lamang ang BATA. Lilisan ang BATA. Ang mga susunod na palitan ay magaganap habang lumilisan ang BATA.*

PULUBI Narito na ang tren. (*Saglit.*) Ngayon, maaari ko nang itanong: Ano'ng pangalan mo, Kaibigan?

MATANDA Antonio.

PULUBI Antonio... Ikinagagalak kong malaman ang iyong pangalan. (*Buntong hininga.*) Antonio...

MATANDA Hindi mo ba talaga sasabihin ang pangalan mo kahit sa huling pagkakataon?

PULUBI Sa unang punta mo pa lang dito'y sinabi ko na sa iyo ang pangalan ko. Hindi mo na maalala, Antonio? (*Matatawa.*)

MATANDA Hindi ko maalala. Hindi mo ba ipapaalala?

PULUBI Alam mo na ang magiging sagot ko d'yan. Sumakay ka na't baka bigla ka mapag-iwanan ng biyahe.

MATANDA Oo nga pala. Nakasakay na pala ang lahat. Ako na lang ang hindi pa.

PULUBI Paalam, Antonio. Natutuwa ako’t nakilala kita.

MATANDA Paalam din, Kaibigan. Hanggang sa huling pagkikita— (*Mangingiti.*) Ito na pala ang huli nating pagkikita.

*Mangingiti rin ang PULUBI. Bababa ng entablado ang MATANDA. Pupunta siya sa bahagi ng mga manonood. Uupo sa isang bakanteng upuang nakalaan sa MATANDA.*

MATANDA Malamig pala rito...

PULUBI Hindi ko alam. Hindi ko sinakyan ‘yan kahit kailan.

MATANDA Kahit masikip.

PULUBI Naririnig ko rito ang pintig ng kanilang mga puso. Parang mga mumunting batong ihinahatid ng ilog nang malumanay patungo sa kung saan.

MATANDA Salamat ulit.

PULUBI Salamat din.

*Kakaway ang isa’t isa sa isa’t isa. Tunog ng pinto ng tren na nagsasara. Tunog ng tren na nagsisimulang umandar at lumalayo; papahina. Ilang saglit pang mananatili ang PULUBI sa kinatatayuan. Lalapit ang PULUBI sa kanyang kariton.*

PULUBI (*Sa manika.*) Ay, nalimutan nating manghingi kay Antonio ng kung ano— Nagugutom ka na ba? Huwag kang mag-alala, maya-maya lang ay darating na naman ang tren.

(*May maaaninag ang pandinig na paparating.*) 'Yan! 'Yan! May dumarating! Maaari tayong humingi sa kanya!

*Papasok ang isang IKAKASAL na nakadamit pangkasal. Maghihintay ang IKAKASAL.*

PULUBI Palimos po... Palimos po para sa sikmura ng isang bulag at pulubing katulad ko.

*Hindi papansinin ng IKAKASAL ang PULUBI.*

PULUBI Kahit hindi kita nakikita, sa himig ng iyong paghinga at sa lakad mo'y masasabi kong isa ka ring bigong mangingibig.

*Hindi sasagot ang IKAKASAL. Anyong iikutan ng PULUBI upang pagmasdan ang IKAKASAL.*

PULUBI Tatlong araw pa bago muling darating ang tren. (*Saglit.*) Ano'ng kuwento mo?

*Hindi papansinin ng IKAKASAL ang PULUBI. Nakatingin sa kawalan ang IKAKASAL.*

PULUBI Alam mo bang sa mga terminal, hindi ka dapat matuwa kapag nakita mo ang sariling nasa unahan ng pila? (*Saglit.*) Ibig sabihin nito'y napag-iwanan ka ng kaaalis pa lamang na biyahe kaya natagpuan ang sarili sa unahan ng pila.

*Mapapatingin ang IKAKASAL sa PULUBI. Akmang magsasalita ang IKAKASAL habang unti-unti, dumidilim.*

*DILIM.*